MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO2000106?

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag
TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGAPANGASIWA

MEMORANDUM SIRKULAR BLG. 07 T. 2020

PARA SA	:	LAHAT NG MGA PRIBADO AT PUBLIKONG ESTABLISYIMENTO LAHAT NG BALIWAGENYO
MULA SA	:	TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGAPANGASIWA
PAKSA	:	PAGLILINAW HINGGIL SA MGA QUARANTINE PASS
PETSA	:	IKA- 13 NG ABRIL 2020

Ang memorandum na ito ay inilabas upang magkaroon ng kalinawan sa kaibahan ng mga *quarantine pass* na inilalabas ng Pamahalaang Bayan ng Baliwag.

Bilang pagtupad sa mga probisyon ng Memorandum ng Pangkalahatang Kalihim ng Pilipinas at ng R.A 11469 o ang *Bayanihan to Heal as One Act*, ang ating Lokal na Pamahalaan ay nagpalabas ng iba't-ibang uri ng *pass* upang magkaroon ng pagkakakilanlan ang mga itinuturing na *exempted* sa *Enhanced Community Quarantine at Lockdown*. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. **Home Quarantine Pass (HQP)** - Ang ulo ng bawat *household* ay nagkaroon ng isang HQP, ang sino mang may hawak ng HQP ang siyang maaring lumabas sa kanilang tahanan upang mamili sa pamilihang bayan at makipagtransaksyon sa mga bukas na establisyimento sa araw ng kanilang *cluster*.

Bisa: Mula 5:00 AM hanggang 3:00 PM, araw ng naka talaga nilang *cluster*.
Tanggapang nag-iisue: Barangay Hall

2. **Task Force COVID-19 Frontliner's Pass (FP)**- Ang uri ng *pass* na ito ay inilabas para sa lahat ng mga kabilang sa itinatangi ng mga batas na isinaad sa itaas na direktang kabilang sa mga programa laban sa COVID-19, kabilang dito ang mga empleyado ng mga ospital, mga piling kawani ng pamahalaang bayan, Philippine National Police at Bureau of Fire Protection.

Bisa: Dalawampu't Apat (24) na oras sa isang araw, mula Lunes hanggang Linggo.
Tanggapang nag-iisue: Tanggapan ng Punongbayan